

PROLOGUE

Kasagsagan noon ng malakas na bagyo. Rumaragasa na ang flash flood sa maliit na baranggay na iyon sa may San Manuel, Pangasinan. Ilang bahay na ang natangay ng mabilis na agos ng tubig.

“Kumapit kang mabuti, Andrew.” Pilit isinasampa ni Anthony ang limang taong gulang na anak sa ibabaw ng kanilang bubong. Nauna nang nakasampa roon ang kanyang asawang si Maridel at ang siyam na buwang si Anya, ang panganay niyang si Allister at ang kakambal ni Andrew na si Andrea.

“Papa!”

“Sige pa, Anak, kaya mo iyan. ’Andito lang sa likod si Papa!”

Sa itaas ay naririnig niyang umiiyak ang dalawa niyang anak na babae. Pilit itong inaalo ni Maridel, ngunit halata rin niya ang takot sa tinig ng kabiyak.

Sobrang lakas ng agos, kinakabahang nasabi ni Anthony sa sarili. Diyos ko, tulungan Mo po kami! Huwag po sanang tangayin ang bahay namin, piping dasal niya.

Sumandal siya sa hamba ng bintana kung saan din siya nakatuntong, upang makakuha ng balanse. Itinaas niya ang katawan ng anak hanggang sa makakapit ito sa nakausling kahoy

na pinagpapakuan ng kanilang bubong. Sa itaas ay nag-aabang ang pitong taong gulang na si Allister upang hilahin paakyat ang kapatid sa oras na makasampa ito.

“Kumapit kang mabuti, Andrew!” sigaw ni Anthony sa gitna ng malakas na buhos ng ulan. Ginugupo na siya ng matinding pagod ngunit ayaw niyang sumuko.

“Andrew! Iabot mo ang kamay mo sa akin!” sigaw ni Allister.

Pilit iniabot ng bata ang kamay sa kapatid. Ngunit bago pa iyon mahawakan ni Allister ay isang malaking troso ang bumangga sa kanilang kubo. Nakabitaw si Andrew at bumagsak sa rumaragasang tubig.

“Andrew!”

Hindi na nag-isip si Anthony, tinalon niya ang tubig at tinangkang lumangoy palapit sa anak.

“Andrew! Papa!”

Hindi malaman ni Allister kung ano ang gagawin. Ilang sandali lang at nawala na ang dalawa sa paningin nila. Lalo pa itong nataranta nang maramdaman ang pag-uga ng kanilang bahay. Mukhang nabali ang pundasyon ng kubo nang bumangga ang malaking troso. Unti-unting tinangay ng agos ang istruktura. Nakapangingilabot na hiyaw ang tanging maririnig sa gitna ng malakas na ulan habang tinatangay ng walang tigil na pag-agos ng tubig ang mga murang katawan palayo sa isa’t isa.

1

Napangiti si Roni nang makita ang isang single long-stemmed rose sa ibabaw ng kanyang mesa nang pumasok siya kinabukasan sa opisina. May kasamang isang pink note card ang bulaklak. Hindi pa man niya nababasa ang nakasulat sa notecard ay alam na niya kung kanino galing iyon.

To my dearest Roni,

Loving you is the best decision I've made in my entire life. Here's to our first year of being together, Honey! I love you very much.

Always,

Alec

P.S. I'll see you tonight.

Hindi niya maiwasang kiligin. Wala na talagang tatalo sa sweetness ng kanyang nobyo. At napaka-unpredictable nitong tao. Palagi na lamang siyang nanghuhula kung ano ang gagawin nito kapag may okasyon. Katulad na lamang noong first monthsary nila. Isang mascot na Pikachu ang lumitaw sa opisina

Looking Through Your Eyes - Doreen Laroya

nila at hinahanap siya. Nang ituro siya ng isa niyang kasama ay tumapat ito sa kanya, binigyan siya ng isang long-stemmed rose sabay kanta ng paborito nilang love song ni Alec. Halos maiyak siya habang nakikinig at wala siyang pakialam sa panunukso ng kanyang mga kasamahan. She was really deeply touched. That same day, nang matapos ang shift niya ay nakita niyang muli sa harap ng building ang mascot. Nang makita siya nito, hinubad nito ang suot na costume, and she stared disbelievingly at Alec's smiling face. It was him all along! Umiiyak siyang sumugod sa kasintahan at niyakap ito nang mahigpit, unmindful of the curious stares she got from her officemates.

Hindi siya nagsisisi na minahal niya si Alec, na ito ang naging first boyfriend niya. At kahit minsan lamang sa isang linggo sila kung magkita ay hindi nakaapekto iyon sa intensity ng pagmamahal nila sa isa't isa. Maligaya siya sa piling ni Alec, and she could not imagine herself loving another man.

Napangiti siya nang maalala kung paano silang nagkakilala nito. Akalain ba niyang dahil lang sa mixed-up sa room service ay matatagpuan niya ang lalaking mamahalin niya ng buong puso?

Pagpasok ni Roni sa loob ng silid nila ay nadatnan niyang kumakain na ang kanyang mga kasama.

“Oh, kumakain na kayo? Akala ko ba sa function room ang dinner natin?” tanong niya sa mga ito.

Isa ang kompanya nila sa mga dumalo sa isang three-day

Looking Through Your Eyes - Doreen Laroya

process/product competition na ginanap sa hotel na iyon sa Makati. Three days, two nights ang booking nila na sinagot ng company. It was their first night at natapos na silang mag-present ng kanilang cost reduction project kanina.

“Eh, room service daw. Nagtataka nga kami kasi wala namang umo-order sa amin. Baka naman ikaw ang um-order?”

Umiling siya. “Hindi. Ba’t o-order pa ’ko ng room service, eh, libre naman ang food natin? Sa atin ba talaga iyan?”

“Dito daw sabi n’ung boy.”

Apprehensive pa rin siya. “Sigurado kayo?”

“Hay naku, hindi naman siguro magkakamali iyong boy. At saka kung nagkamali man sila ng pinagdalan, dapat kanina pa sila nagpunta dito para bawiin ang mga ito. Eh, anong oras na? Kanina pa nai-deliver iyan, hanggang ngayon wala pa ring kumakatok dito.”

Naisip na lang niya na baka nga kinasihan sila ng grasya. Umupo siya sa tabi ng kasamahan at sasandok na sana ng pagkain nang may biglang kumatok. Tumayo siyang muli para buksan ang pinto. Isang lalaking naka-formal suit ang tumambad sa kanya. Nakasimangot ito at halatang galit.

Nangunot ang noo ni Roni. Hindi niya maintindihan kung bakit namumula ang kaharap at matalim ang mga mata na parang galit na galit.

Looking Through Your Eyes - Doreen Laroya

“Yes? What can I do for you?” magalang pa rin niyang tanong. Sa halip na sumagot ay sinuri nito ang loob ng kanilang silid. Lalong lumalim ang pagkakakunot ng noo nito at nag-isang linya ang mga labi nang may mamataan. Sinundan ni Roni ang tinitingnan nito na walang iba kundi ang food cart na nilalantakan pa rin ng mga kasama niya.

“Dito pala nai-deliver ang food cart na iyan,” anito sa mahina ngunit galit na tinig.

“Ah, yes. B-baka in-order n’ung boss namin.”

“You mean, wala isa man sa inyo ang um-order niyan? Hindi ninyo alam kung sino ang nagpadala ng mga pagkaing iyan?”

“O-oo,” alanganin niyang sagot. Tumawa nang mapang-uyam ang lalaki. Sa hitsura nito ay pikon na pikon na ito.

“Hindi ninyo alam and yet kinakain ninyo?” Mataas na ang tono nito. “Ganyan ba talaga ang ugali ninyo?”

Umakyat na ang dugo niya sa ulo. Ano ang karapatan ng lalaking ito para sigawan siya?

“Teka nga muna, sino ka ba? At bakit basta ka na lang kakatok dito at mambubulyaw?” Umandar na rin ang katarayan niya.

Napatanga na sa kanila ang kanyang mga kasama.

“I’m the assistant manager for operations. End na sana ng shift ko ngayon pero dahil sa kagagawan ninyo’y nagalit iyong isang

guest namin at ako ang binagsakan ng problema!”

“At paano naman namin naging kasalanan kung nagalit man ang isang guest ninyo?”

“That food cart is for room 556!”

“Eh, engot pala kayo! Room 559 ito!”

“Kaya nga dapat itinawag n’yo na agad sa amin na nagkamali ng delivery iyong boy. Nai-deliver na sana sa dapat na may-ari iyang mga pagkain. Pero hindi! Ang ginawa ninyo, kinain at inubos n’yo pa!”

“Paano ko nga malalaman na hindi sa amin ’yan? Ang hirap sa iyo, ipinapasa mo sa iba ang kapalpak mo!” Nakita niyang sandaling natigilan ang lalaki. Lalong lumakas ang loob niyang awayin ito. *“Sa room 556 pala iyan, room 559 ito. Bakit dito ninyo dinala, in the first place? Bakit hindi ba kayo marunong bumasa ng room number?”*

“L-lumuwang iyong pagkakataurnilyo sa number 9.”

“Iyon pala! Kasalanan n’yo naman pala!” hirit pa niya sa hindi na kumikibong binata. *“Alam mo, kung ginagawa mo lang ang trabaho mo bilang assistant manager for operations,”* binigyang-diin pa niya ang job position nito, *“at tinitingnan ang mga sira dito sa buong hotel, hindi na sana nagkakaroon ng ganitong mixed-up. Palibhasa puro pagbubunganga lang yata ang alam mo kaya pumapalpak ka. ”*Tapos isisi mo sa ibang tao ang pagkakamali

mo!” dere-derechong hirit niya. Nagmistulang kamatis ang mukha nito sa pagkapula. Sandaling nakipagsukatan siya ng tingin dito. Pagkatapos ay walang salita itong tumalikod.

“Bastos!” sigaw niya sabay pagbalibag ng pinto pasara. Nanggigigil siyang bumalik sa kanyang mga kasama. Sa inis ay inubos niya ang lahat ng natitirang pagkain.

Kinagabihan, habang nagdi-dinner ay nasorpresa siya. Nang maupo sila sa mesang laan para sa kanila ay may nakita siyang isang white, long-stemmed rose na nakapatong sa kanyang plato. Siya lamang ang mayroon niyon.

“Kanino galing iyang rose, Roni? Bakit ikaw lang ang mayr’on niyan?” tanong ni Emma.

Umiling siya nang may magtataka.

“May card!” excited na bulalas ni Willy. “Dali! Basahin natin!” Hindi na nito hinintay pang pumayag siya. Ito na mismo ang dumampot ng maliit na card at binasa iyon sa harap ng kanyang mga kasama.

“Dearest Veronica, my apologies for being rude the other night. Hope we can be friends. Alec,” maarteng basa ni Willy. “Uyy! Sino’ng Alec iyan? Itong si Roni, sobrang malihim ka na ngayon ha?” buska nito pagkatapos. Mukhang nabuhayan na naman ito ng berdeng dugo sa katawan.

“Tek, iyan ba iyong guwapong lalaki na nakasagutan mo

Looking Through Your Eyes - Doreen Laroya

dahil d'un sa mixed-up sa room service?" tanong ng isa na kasama niya sa silid.

Hindi pa man siya nakakapagsalita ay sumabat na ang isa pang kasama niya. "Oo, I think siya nga 'yun. In fairness, guwapo, 'Teh!" kinikilig pang komento nito. "At hindi naman pala bastos. Tingnan n'yo naman at nagpadala pa ng sorry note with matching long-stemmed rose."

"Uy, talaga? Kuwento mo naman kung paano mo nakilala ang Alec na iyan," pamimilit ni Willy. Hindi na ito mapakali sa upuan dahil sa excitement.

Sa halip na pagbigyan ang mga kaibigan ay inagaw niya ang card. "Akin na nga iyan!" Sa inis ay basta na lamang niya iyong nilamukos. "Alam n'yo ha, hindi ko kilala kung sino man itong Alec na ito! At wala akong balak na kilalanin siya. Kaya kayo, magsikain na lang kayo at tigilan n'yo na ang katutukso sa akin!" mataray ring litanya niya na tinaasan lang ng kilay ng kanyang mga kasama.

Naiiling na tinapunan niya ng masamang tingin ang mga kasama. Walang dudang hindi siya titigilan ng mga ito.

Hindi sinasadyang nagawi ang paningin niya sa entrance ng function hall. Nakatayo ang isang matangkad na lalaki roon at nakatingin sa kanya. May kabang bumundol sa kanyang puso nang magtama ang mga mata nila. The tall guy smiled and made a two-finger salute. Bigla siyang nagtungo ng ulo. Nang muli niyang

sulyapan ang gawi nito ay wala na ito roon.

Her cellphone rang as if on cue. She smiled nang makita ang pangalan ng nobyo sa screen.

“Hello?”

“Nagustuhan mo ba?”

She giggled. “Very much! Pero mas excited ako d’un sa ‘P.S.’”

Narinig niyang tumawa ito and she felt warm all over. Oh, how she loved him! “Susunduin mo ba ako mamaya?” tanong niya.

“Oo naman! Kaya nga ako nagpalipat sa morning shift.” Regular na eight to five ang work niya pero dahil sa hotel nagtatrabaho ang binata ay irregular ang work schedule nito. Ngayon lang nagkapareho ang mga libreng oras nila.

“Saan ba tayo pupunta?”

“Bakit tinitanong mo? It’s supposed to be a secret.”

“Hmph! May pa-secret secret ka pa!”

Tumawa ito muli. “Actually, hindi mamaya kundi bukas iyong anniversary present ko sa iyo. Pero mamaya mo na lang malalaman ang detalye.”

“Hmph! Nakakainis ka talaga!”

Narinig niya ang marahang pagtawa ng nobyo. “O, bakit

na naman?”

“Bakit kasi ayaw mo pang sabihin? Pinapatay mo naman ako sa suspense.”

“Bakit kasi sobrang kulit mo? Sinabi ko naman sa iyong sasabihin ko mamaya, di ba?” sabi nito na animo nagpapangaral sa isang four-year-old.

“Hmph!”

Muli itong tumawa. Kung katabi niya ito ay kanina pa nito pinisil ang pisngi niya. Ugali na nito iyon sa tuwing nagkakaasaran sila.

“Basta, hintayin mo na lang ako mamaya. O paano, trabaho muna. Magkita na lang tayo mamaya.”

“Sige na nga.” She smiled. “Bye! I love you.”

“I love you, too, Hon!”

“Ingat ka sa pagda-drive.”

“I will, ’bye!”

Siya na ang naunang nag-off ng kanyang phone. Knowing Alec, maghihintayan na naman sila kung sino ang unang mawawala sa linya. Lutang ang buong diwa niya maghapon dahil sa excitement sa date nila ng nobyo. At hindi rin mawala sa mga labi niya ang ngiti.